Republic of the Philippines
**Department of Education**
**REGION IV (A) – CALABARZON**
Karangalan Village, Cainta, Rizal



# Pagsasanay ng mga guro sa programa ng K to 12 Baitang 8

- Sesyon: 6
- Paksa:    Pagtatasa at Pagtataya/Workshap
- Panahon: 2 Oras
- Mga Kagamitan:
    - Laptop/LCD Projector /Television
    - Powerpoint presentation Manila Paper
    - Manila Paper
    - Bond Paper
    - Pentel  Pen
- Sanggunian:
    - www.google.com
    - Copy Deped No.73s.2012
    - Deped Hand-out TOT

**Mga Layunin:**

- Natutukoy at natitiyak ang mahahalagang gamit ng wastong panukat sa pagtatasa at pagtataya  ng mga kasanayan sa Filipino.
- Nakikilala at nasusuri ang antas ng pagtatasa at pagtataya.
- Nailalatag ang kapakinabangang matatamo sa kagamitang pampagtatasa at pampagtataya.
- Nakagagawa nang wastong mga kagamitang pampagtatasa at pampagtataya .









melissaguevarra.thotography2008






http://aubu22.wordpress.com
LEO C. RIMANDO


KABAYAO
The Carnegie Debut
1950

Panimula

Ang pagtatasa at pagtataya ay mahalagang bahagi ng pagtuturo.

Dito nasusukat ang antas ng pagkatututo ng mag-aaral at kalidad ng pagtuturo.

**I.Gawain**

- A.Priming :

Tagapagsanay: Ipakita ang larawan ng mga batang may ibat ibang talento.

Pasagutan ang sumusunod na tanong:

- Ano ang nakikita ninyo sa larawan?
- Kailan ito ginagawa at bakit?
- Kailangan ba ito at bakit?

- B. Aktibiti:

Tagapagsanay:Pangkatin ang mga sinasanay sa apat.

Ipagawa ang pangkatang gawain sa loob ng 15 minuto at ilahad sa 3 minuto.

Pangkat I - Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

Tukuyin kung anong uri ng pagtataya.

1. Tawag sa mga binata at dalaga na naglalaro ng duplo na sila rin ang nagtatalo.

a. Bilyako/Bilyaka c. Mambibigkas

b. Manunula d. prinsesa/prinsipe

- Pangkat 2 – Sagutan ang mga sumusunod , tukuyin ang uri at ipaliwanag.

Kung ang isalubong sa iyong pagdating
ay masayang mukha't may pakitang giliw
paka-ingatan kaaway na lihim
siyang isaisip na kakabakahin.

Ano ang isinasaad ng saknong?

a. Kataksilan
b. Katampalasanan
c. Pakikisalamuha
d. Pakikipagkaibigan

- Pangkat 3 –

  Balangkasin ang isang paboritong bahagi sa Florante at Laura.

- Pangkat 4 -

  Sumulat ng isang salawikain na binubuo ng dalawang taludtod namay sukat at tugma.

## II.Analisis

- Tagapagsanay: Talakayin ang pangkatang gawain inilahad.

  Gamit ang apat na talahanayan.
- Pangkat I
- Pangkat II
- Pangkat III
- Pangkat IV

1. Ano ang ipinakita ng pangkat?
2. Ano ang sinukat sa pagsusulit?
3. Angkop ba ang kagamitang pampagtatasa /pagtataya sa pagsusulit? Bakit?
4. Ano ang naramdaman mo habang isinasagawa ang gawain? Bakit? (itanong ang lahat ng ito sa bawat pangkat at isulat ito sa talahanayan)

- Tagapagsanay: Bigyang pansin ang mga sagot.

  Sabihin:

  1. Ito ang mga kasagutan ninyo sa tinalakay nating pangkatang gawain.

  2. Ito ba ang tama o angkop na pagtatasa/pagtataya sa Baitang 8 sa ilalim ng K to 12 Kurikulum.

**III.Abstraksyon:**

- **Power Point Presentation ng tungkol sa Pagtatasa/Pagtataya mula sa Deped no.73s2012**
- **Deped Hand out**

**Tagapagsanay:**

**1.Magkapareho ba ang tinalakay ko at tinalakay sa pangkatang Gawain.Bakit?**

**2.Ano ang masasabi mo sa pagtatasa at pagtayaya sa ilalim ng K to 12 Kurikulum.**

**IV. Aplikasyon:**

**Tagapagsanay: Upang higit na mapalalim ang kaalaman sa pagtatasa/pagtataya gawin ito**

Kolaboratibong Gawain

Bawat pangkat ay gagawa ng pagsusulit na 30 aytem gamit/nakabatay sa Antas ng Pagtatasa na tinalakay.

- Pagwawakas:

Video :The Parable of the Pencil

(Isalin sa Filipino)

# Ano ang PAGSUSULIT ?



Ang pagsusulit ay isang panukat na ginagamit ng mga guro upang sukatin ang paglalapat ng mga pagkatuto pagkatapos ng isang pagtuturuan.

Bakit kailangang magbigay ng *Pagsusulit* ang isang guro sa kanyang pagtuturo.



# PAGSUSULIT



Ang pagsusulit ay napakahalagang bahagi ng pagtuturo at pagkatuto.



© www.ClipProject.info

## Ano ang kahalagahan ng PAGSUSULIT sa isang mag-aaral ng wika?

**Una** — Ang pagsusulit na mahusay ang pagkagawa.

- Malaki ang naitutulong upang magkaroon ng interes sa pag-aaral ang isang bata.

**Ikalawa** — Nagiging daan sa lubusang pagkatuto ng wika.

- Natututo ang mga bata habang nag-aaral para sa eksamen at pagkatapos maiwasto ang kanilang mga papel.

# Ang PAGSUSULIT at Ang GURO



## Ano naman ang kahalagahan ng pagsusulit sa isang guro?



© www.ClipProject.info

Angkop ba ang aking aralin sa aking mga mag-aaral?
Nagiging mabisa ba ang pagtuturo?
Alin ang dapat bigyang diin sa pagtuturo?
Alin ang kailangang iturong muli?

# Ang PAGSUSULIT at Ang GURO



Ano naman ang kahalagahan nito sa guro bilang *test constructor*?




Maliwanag ba ang mga panuto?

Simple ba at maliwanag ang bawat aytem?

Nakatapos ba ang buong klase sa panahong itinakda sa pagsusulit?



# Ano ang kahalagahan ng PAGSUSULIT sa isang mag-aaral ng wika?



© www.ClipProject.info

**Una**

Ang pagsusulit na mahusay ang pagkagawa.

- Dahil sa pidbak na dulot ng pagsusulit nagkakaroon ng katuparan ang mga pagsisikap ng isang bata sa kanyang pag-aaral.

**Ikalawa**

- Natututo ang mga bata habang nag-aaral para sa eksamen at pagkatapos maiwasto ang kanilang mga papel.

# PANAHON NG PAGSUSULIT



## TATLONG PANAHON NG PAGSUSULIT SA WIKA (Bernard Spolsky)

- **Pre-scientific o Intuitive Stage**
- **Scientific Stage**
- **Communicative Stage**







# URI NG PAGSUSULIT



## MGA URI NG PAGSUSULIT

- Ayon sa layon
- Ayon sa gamit ng kinalalabasan ng pagsusulit
- Ayon sa dami ng Kakayahang sinusubok
- Ayon sa paraan ng ng pagmamarka at pagwawasto
- Ayon sa kakayahang sinusubok




# URI NG PAGSUSULIT



## Ayon sa Layon

**Pagsusulit sa natamong kabatiran o Achievement Test**

**Panuring Pagsusulit o Diagnostic Test**



# URI NG PAGSUSULIT



## Ayon sa Layon

**Pagsusulit sa kahusayan o Proficiency Test**



**Pagsusulit sa Aptityud o Aptitude Test**

# URI NG PAGSUSULIT



## Ayon sa Dami ng Kakayahang Sinusubok ng Bawat Aytem



**Pagsusulit na *Discrete Point***

**Pagsusulit na “Integrative”**

# URI NG PAGSUSULIT



**May dalawang uri ng pagsusulit na idinidikta:**

***Standard dictation*** **– isinusulat ng mga bata ang buong talatang idinidikta.**

***Partial dictation*** **– ang mga mag-aaral ay binibigyan ng sipi ng talatang dinidikta, pero ito'y may kaltas na mga parirala o pangungusap. Pupunan lamang niya ang mga puwang upang mabuo ang talata.**





# URI NG PAGSUSULIT

## Ayon sa Kakayahang Sinusubok

### Pakikinig
a. Pagkilala ng mga tunog

a. Pagkilala ng mga tunog

### Pakikinig
a. Pagbigkas ng mga tunog

b. Pakikipag-usap

### Pakikinig
a. Pagkilala at pag-unawa ng salita

b. Pag-unawa sa seleksyon

c. Kasanayan sa pag-aaral

### Pakikinig
a. Pagsulat ng komposisyon

b. Paggamit ng bantas, wastong baybay, malaking titik



# URI NG PAGSUSULIT



## Ayon sa Gamit ng Kinalabasan ng Pagsusulit

**Pagsusulit na *Norm-referenced***

**Pagsusulit na *Criterion-referenced***




# URI NG PAGSUSULIT



## Ayon sa Paraan ng Pagmamarka at Pagwawasto

### Pagsusulit na Obehitibo

### Pagsusulit na Subhehitibo



# PAGHAHANDA NG PAGSUSULIT



**Paghahanda ng gagawin:**

Pagpaplano ng Pagsusulit

Paghahanda Ng Pagsusulit

Pagbibigay ng Pagsusulit at Pagwawasto ng Mga Papel

Pagpapahalaga Ng Pagsusulit

Pagbibigay ng Kahulugan Sa Kinalabasan ng Pagsusulit





# PAGTATAYA SA ISINAGAWANG PAG-UULAT BATAY SA MGA PAMANTAYAN

**(Enclosure No. 4 to DepEd Order No. 73, s. 2012)**

# KAALAMAN 15%

| Kasapatan ng mga impormasyon (5%) | |
|---|---|
| 5%<br>sapat at maayos na sanggunian ang mga nasaliksik na impormasyon | 2%<br>may mga impormasyong walang kaugnayan sa aralin |
| 3-4%<br>sapat lamang ang mga nasaliksik na impormasyon | 1%<br>kulang na kulang ang mga nasaliksik na impormasyon |

# KAALAMAN 15%

| **Kaugnayan ng mga impormasyon sa aralin (5%)** | |
|---|---|
| 5%<br>may malaking kaugnayan sa aralin ang mga impormasyon at may mga tiyak na halimbawa | 2%<br>di-gaanong sapat ang mga nasaliksik na impormasyon |
| 3-4%<br>may kaugnayan sa aralin ang mga impormasyon | 1%<br>walang kaugnayan sa aralin ang mga impormasyon |

# PROSESO/KAKAYAHAN 25%

| **Malayang talakayan/interaksyong-pangklase (15%) a. pag-unawa sa nilalaman (7%)** | |
|---|---|
| 7%<br>Lubos na nauunawaan ang nilalaman ng aralin at naisagawa nang buo ang tiwala sa sarili ang proseso | 2-3%<br>Di lubos nauunawaan ang nilalaman ng aralin ngunit naisasagawa ang mga sumusunod |
| 4-5%<br>Nauunawaan ang nilalaman ng aralin at naisagawa ang mga sumusunod na proseso | 3%<br>Hindi nauunawaan ang niallaman ng aralin at walang nagawa sa alinman sa mga binanggit na proseso |

# MGA INDIKEYTOR

- Nabibigyan ng sariling pakahulugan ang mga nakuhang impormasyon sa aralin
- May kakayahang baguhin/isalin sa sarili at masining na paraan ang mga nakuhang impormasyon
- Napangngatuwiranan ang ginawang pagbabago/pagsasalin ng mga nakuhang impormasyon
- Nasusuri at naipaliliwanag ang mga tagong kahulugan ng mga nakuhang impormasyon
- Naiuugnay ang mga nakuhang impormasyon sa buhay/kasalukuyang sitwasyon
- Nakapagbibigay ng mga makatotohanan at napapanahong halimbawa kaugnay sa aralin

# MGA INDIKEYTOR

- Nabibigyang-kahulugan ang mga nakuhang impormasyon
- Naipaliliwanag ang kahulugan ng mga nakuhang impormasyon
- Naiuugnay ang mga nakuhang impormasyon sa buhay/kaslukuyang sitwasyon
- Nakapagbibigay ng mga halimbawa kaugnay sa aralin

# PROSESO/KAKAYAHAN 25%

## Pangkatang/kolaboratibong Gawain(10%)

**10% PARAAN NG PAGLALAHAD**

**2% Masining at sariling-likha ang ginawan pag-uulat**
**2% masining ang ginawang pag-uulat**
**1% simple lang ang ginawang pag-uulat**

# PRODUKTO/PAGGANAP 30%

| Produkto(Iskrip) 7% |
| --- |
| 7% orihinal, napapanahon, makatotohanan, taglay ang lahat na elemento ng iskrip na pandulaan, angkop ang pagkakalapat ng sound effects at musika<br><br>5-6% orihinal, napapanahon, taglay subalit kulang ng isang elemento ng iskrip na pandulaan, angkop ang pagkakalapat ng sound effects at musika<br><br>3-4% hindi orihinal, masining, kulang ng dalawang elemento ng iskrip na pandulaan, gumamit ng sound effects at musika ngunit hindi naman angkop<br><br>1-2% hindi orihinal, kulang ng dalawang elemento ng iskrip na pandulaan, hindi nilapatan ng sound effects at musika |

# PRODUKTO/PAGGANAP 30%

## Pagganap (Pagsasadula) 8%

8%  Masining, angkop ang mga kasuotan, angkop ang mga kagamitan at props (total theatre)

6-7% Masining, angkop ang mga kasuotan, angkop ang mga kagamitan at props

2-3% Isinadula lamang ang isa sa mga akdang tinalakay

1% hindi naitanghal ang isinulat na iskrip

Ang natitirang 15% ay maaaring gamitin sa pagmamarka/pagattaya ng iba pang produkto/pagganap na isasagawa ng mga mag-aaral matapos ang bawat aralin.  5% ay para sa pagpapasulat ng talata

# THE PARABLE OF THE PENCIL



Maraming Salamat Po!